
MAIL PERMIT No. 2C-17-05-522/ ENTERED AS 1ST CLASS ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 5 Blg.1 Mayo 11-17, 2020 P10.00

## SM City Dasmariñas, SM City Trece Martires and SM City Rosario, Now Offering Take-Out and Delivery




Mabuhay, Cavite! Join our Viber Community for the latest updates on take-out, delivery and promos at SM malls in Cavite: http://p.shareguru.io/p/22-04-20/136c0643.html

# 'YORME'S SACIolo SA naSACtan'

pahina 2




Amid Corona Virus threat, SM City Rosario continously give SM Bonusbottled water and snacks to frontliners at checkpoints nearby. This simple act of kindness brought a huge smile behind the frontliners' mask, who never give up to serving and protecting the people.




ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

# ‘YORME’S SACIolo SA naSACtan'

**BAY, Laguna (PIA) - Upang matulungan ang mga mamamayan ng Bayan ng Majayjay na nabigong makatanggap ng anumang cash assistance, inilunsad ng Lokal na Pamahalaan ng Majayjay ang programang ‘Yorme’s SACIolo sa NaSACtan.’**

Ang mga hindi nag-qualify na tumanggap ng cash subsidy sa ilalim ng Social Amelioration Program (SAP) ng anumang ahensya ng gobyerno, nagsagot man o hindi ng Social Amelioration Card (SAC), ay binigyan ng alternatibong tulong ng lokal na pamahalaan dahil ang lahat naman aniya ay apektado ng pandemyang dulot ng Coronavirus Disease o COVID-19, ayon kay Mayor Jojo Clado.

“From the very start na nag-materialize ang SAP program ng national government at nang malaman namin na hindi naman pala lahat mabibigyan, ini-expect ko na magkakaproblema sa dulo. Maraming magagalit at maraming masaSACtan. Dun nabuo ang concept na ito,” sinabi ni Mayor Clado.

Aniya lahat naman ay apektado sa kasalukuyang krisis na nararanasan sa bansa, mayaman man o mahirap aniya ay pare-parehong namromroblema sa pandemyang kinakaharap.

“Ako bilang Mayor ay naniniwala na dapat may equity sa governance. Hindi man matumbasan ang ayuda ng national government na P6,500, ang importante walang magugutom na pamilya sa bayan ko.”

Kaya naman sinabi ng Alkalde na ang lahat nang hindi nakatanggap ng ayudang pinansyal mula sa pamahalaang nasyunal ay ang lokal na pamahalaan na ang siyang bahala.

Ang programang ‘Yorme’s SACIolo sa NaSACtan’ ay ang pagbibigay ng mga food package sa lahat nang pamilya na hindi napasama sa anumang programa ng gobyernong nasyunal na nagbibigay ng cash subsidy.

“Anuman ang estado sa buhay, mayaman ka man o mahirap, SSS/GSIS/PVAO pensioners, teachers, government o barangay officials, at lahat nang hindi isinama sa amelioration tulad ng mga stranded at hindi botante na narito sa bayan ay tutulungan po namin sa pamamagitan ng pagbibigay ng food packages per household.”

Ang bawat food package ay naglalaman ng isang (1) cavan o 50 kilo ng bigas at assorted canned goods.

Nagbigay rin aniya ang lokal na pamahalaan ng konsiderasyon sa mga senior citizen na nakakuha lamang ng P3,000 halaga ng social pension. Dahil ito aniya ay kulang pa sa gastusin ng mga matatanda para sa kanilang kinakailangang gamot.

Sila naman ay pinagkakalooban ng kalahating cavan ng bigas, assorted goods, gatas at biskwit sa bawat sambahayan.

“Hindi po sakop ng programang ito ang SAP beneficiaries, 4Ps, DA/OWWA/DOLE/LTFRB/DTI beneficiaries dahil mas malaki naman po ang nakuha nilang ayuda mula sa national government,” paglilinaw ng Alkalde.

Ang pondo ng naturang programa ay nagmula sa pinagsama-samang mga ayuda ng National Government, National Grid Corporation of the Philippines o NGCP, at mga pondo ng pamahalaang lokal na kanilang naipon

Kasama rin ang pondo na mula sa mga proyektong kinansela tulad nang halagang gagastusin dapat sa kanilang festival at iba pa. May mga isinama rin aniyang mga donasyon mula sa mga kababayan na nandirito at nasa ibang bansa.

Ang lahat ng mga nabanggit ay inilaan upang makadagdag pa at mabigyan aniya ng “malufet na assistance” o masaganang ayuda ang kanilang mga kababayan.

Humigit kumulang 3,700 mga pamilya ang makakatanggap at makikinabang sa ‘SACIolong’ ito.

“Mga kababayan, maliit at mahirap man tayong bayan pero dahil sa maayos na pamamahala natin sa ating kaban ng bayan at sa maayos at matino naming pamamahala ngayon sa krisis na ito more than ever, mararamdaman ninyong mayroon kayong gobyerno na hindi kayo pababayaan.”

Para kay Mayor Clado aniya, “The greatest accomplishment for me as your Mayor ay walang mamatay sa COVID-19 at sa gutom dito sa bayan ng Majayjay, Laguna. We will always be here for you! Fly High Majayjay!”

Ang programang ito sa Bayan ng Majayjay ay isang mabuting halimbawa nang pantay na pagkalinga sa mga mamamayan. Mayroon mang iba’t ibang estado sa buhay ay parepareho pa ring nahihirapan at apektado ng pandemya. **(Joy Gabrido)**

# Operasyon kontra droga sa gitna ng CCQ

**MISTULANG** walang epekto ang ipinapairal na Calibrated Community Quarantine (CCQ) at curfew sa Cavite dahil sa laganap at bulgaran na bentahan umano ng droga makaraang tinatayang mahigit sa P3 milyon halaga ng shabu ang nasamsam at pagkakaaresto sa limang katao na pawang nasa listahan ng Top Regional High Value Individual sa Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon (CALABARZON) sa isinagawang buy bust operation sa magkakahiwalay na lugar sa Cavite.

Kinilala ang mga naaresto na sina Kamar Mamintal, 30, may-asawa, ng Brgy. Datu Esmael, Dasmariñas City; Shiela Mae Canedo, 23 ng FB-12 L-3 Brgy. Queen’s Row West, Bacoor City; Roger Rodriguez, 32, Market Porter, ng Brgy. Anabu II-D, Imus City; Kyla Mamintal, 29 at asawang si Isahadam Abundas, 30, kapwa residente ng B-41 L-13 Brgy. Datu Esmael, Dasmariñas City.

Sa ulat ni PSSgt Aldwin Paulo Tibuc, ng Imus City Police Station, dakong alas-4:25 ng hapon ay nagsagawa ng buy bust operation ang mga operatiba ng RDEU 4A, RID 4A, PDEA 4A at Imus CPS sa Brgy Anabu II-D kung saan target si Kamar na isang Top Regional High Value Indiviaul PRO 4A.

Matapos ang transaksiyon sa pagitan ni Kamar at ng poseur buyer ay nagbigay ng go signal ang huli sa iba pa nitong kasamahan na nagresulta sa pagkakaaresto sa una at narekober ang tinatayang 200 gramo ng hinihinalang shabu at may street value na P1,360,000.

Magkasama namang nakipag-transaksiyon sina Caniedo at Rodriguez sa isang poseur buyer sa isinagwang buy bust operation ng mga operatiba ng RDEU 4A, RID 4A, PDEA 4A at Imus CPS dakong alas-6:30 ng gabi sa Brgy Molino 11, Bacoor City na nagresulta sa kanilang pagkakaaresto at pagkakarekober ng tinatayang 50 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P340,000; dalawang unit ng cellphone, isang itim na Bajaj na motorsiklo na may plakang 3795 FG; P1,000 cash at buy bust money.

Si Rodriguez ay isa sa Top Regional High Value Individual PRO 4A.

Dakong alas-7:30 ng gabi nang muling nagsagawa ng buy bust operation ang pinagsanib na puwersa ng RDEU 4A, RID 4A, PDEA 4A at Imus CPS sa Brgy Molino IV, Bacoor City, na nagresulta sa pagkakaaresto kina Mamintal at Abundas kasabay ng pagkakasamsam ng tinatayang 300 gramo ng shabu na may street value na P2,040,000 at pagkakarekober ng isang cellular phone, isang kulay pula na Toyota Vios na may plakang ARA 7054; P100 cash at marked money.

Nabatid na ang mag-asawa ang direct supplier ng droga sa Brgy Datu Esmael, Dasmarinas City, Cavite .

Sinasabi ring gumagamit ang mag-asawa ng iba’t ibang klase ng sasakyan sa pagdadala ng mga droga sa ilang lugar sa Cavite.

Sa kabuuan, tinatayang 550 gramo ng shabu ang nasamsam na may street value na P3,740,000.

Ang mga suspek ay pawang nakakulong sa Cavite Custodial Center kaugnay ng kanilang mga kaukulang kaso. **GENE ADSUARA**

# Angkas sa motorsiklo, mungkahi ni Remulla

**IMUMUNGKAHI** ni Cavite Governor Jonvic Remulla sa Inter Agency -Task Force (IATF) na payagan sa pag-angkas sa motorsiklo ang mga mamamayan kung ang pasahero ay kasama rin nito sa bahay.

Ang mungkahing ito ay kasunod sa ipapatupad na social distancing sa lahat ng pampublikong lugar kasama rito ang pampublikong transportasyon bilang bahagi ng “new normal” matapos ang ipinapairal na Enhanced Community Quarantine sa May 15.

“Kung may social distancing sa PUJ, PUB at tricycle ay mahihirapan ang napakarami. Para makagaan, imumungkahi ko sa IATF na payagan ang angkas kung ang nakasakay ay nakatira sa isang tahanan” ani Remulla sa kanyang Facebook account.

Sinusulat ito ay umapela rin ang Gobenador na bigyan ang kanyang tanggapan ng panahon upang pag-aralan ang suhesityong ito.

Ayon naman sa ilang netizen, okey lang basta mag-asawa o kapatid na kasama naman sa bahay basta dalhin lang ang kanilang Identification Card (ID for identification purposes. **GENE ADSUARA**

# P100K shabu, nasamsam sa magpinsan

**TINATAYANG** mahigit sa P100K halaga ng shabu ang nasamsam sa magpinsan sa isinagawang buy bust operation sa kalagitnaan ng ipinapatupad na curfew sa General Mariano Alvarez (GMA), Cavite.

Kasong paglabag sa RA 9165 ang isinampa laban sa mga suspek na si Jay AR Levardo y Caravada, 29; at Mark Anthony Levardo y Advincula, 32, kapwa residente ng Bancal, Carmona, Cavite.

Sa ulat ni PMSgt Jonarey Viray, ng GMA Municipal Police Station, dakong alas-11:30 ng gabi kung saan tulog na ang karamihan ng residente dahil sa ipinapatupad ng curfew sa ilalim ng Enhanced Community Quarantine (ECQ) ay siya naman ang pagsasagawa ng buy bust operation ng mga operatiba ng Station Drug EnForcement Unit (SDEU) ng GMA MPS sa San Marcelino St., malapit sa Top Choice Store sa Brgy Maderan GMA, kung saan target si Jay Ar.

Matapos nakipagtransaksiyon si Jay Ar at ang poseur buyer ay nagbigay ng hudyat ang huli kung saan inaresto ang una at nakuha ang isang pouch na naglalaman ng hinihinalang shabu.

Inaresto rin ang pinsan nitong sa Mark Anthony na naroon din sa lugar at nakuhanan din ng hinihinalang shabu.

Sa kabuuan, nakuha sa dalawa ang tinatayang 17.5 gramo ng hinihinalang shabu o may street value na P119,000.

Ang dalawa ay nakakulong sa GMA Custodial Center. **GENE ADSUARA**



**ANG MGA ‘MANINIYOT’ MULING UMARANGKADA:** Nagsagawa uli ng feeding program ang mga ‘maniniyot’ (photojournalist) ng Manila Police District Press Corps na kinabibilangan nina Jonas Sulit, (Abante) Jon Jon Reyes, (Peoples Journal) Crismon Heramis, (Remate) Norman Araga, (Manila Standard) Edd Gumban, (Philippine Star) Jhun Mabanag, (Remate) Richard Reyes, (Inquirer) at Patrick Adalin (Abante Tonite). Kasama rin si Kiko Naguit ng DZME. Ang feeding program ay isinagawa kamakailan mula Plaza Salamangka, kahabaan ng T.M Kalaw sa harap ng National Library at sa Paco Park batay na rin sa pakikipagtlungan ng mga opisyal at kasapi ng MPDPC. Ipinaabot din nila ang pasasalamat kay MPD Director Rolando Miranda. **CHRISTIAN HERAMIS**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## 'Uhaw'

**PAKSA** natin sa nakaraang pitak ay patungkol sa barangay na kung maaari ay magkaroon ng limitadong populasyon lamang. Mahalaga kasi ang ginagampanang responsibilidad ng mga opisyal ng barangay lalo na ang 'tserman.

Pero paano na lamang kung kagaya ng tserman ng Barangay Dulag sa Lingayen, Pangasinan?

Sa kinakaharap na sitwasyon natin ngayon bunsod ng covid-19 ay mayroon pang naganap na pag-iinuman ng alak na ang matindi ay sa mismong harapan pa ng barangay hall.

Tatlong kagawad, dalawang tanod at isang sibilyan ang nasa umpukan ng tomaan.

Ang isa pang mas matindi ay naroroon rin at kasama sa 'laklakan' ang kapitan ng naturang barangay.

Lintek din ano po, kaya malalakas ang loob magtagayan ay dahil pasimuno si kapitan.

Ang hepe ng pulisya ng Lingayen na si PMaj. Edgar Allan Serquina ay nakatanggap ng tawag mula sa ilang nag-aalalang residente kaugnay nga sa nangyayaring inuman sa harap ng barangay hall.

Pagresponde ng kapulisan ay huli sa akto ang laklakan at nagtangka pa si tserman at isa sa mga kagawad na tumakas subalit nakasama rin sila sa mga natimbog.

Disobedience to a person in authority, paglabag sa Bayanihan to Heal as One Act at paglabag sa nagpapatuloy na pagpapatupad ng enhanced community quarantine sa naturang probinsiya ang kanilang kinakaharap na mga kaso.

Ang baril ni kapitan ay nasa pangangalaga ng pulisya at ang kasong indiscriminate firing ay hindi pa naisampa sa kanya.

Wala kasing tumatayong testigo na si tserman ay nagpaputok ng baril.

Ganyan ba ang tserman na nais natin pati mga kagawad at isama na rin natin ang mga tanod?

Takbo naman tayo sa Ilocos Norte at ang paksa pa rin ay tungkol sa alak na ang nasasangkot naman ay kapulisan.

Sinusulat natin ito ay ating kumustahin ang Ilocos Norte Police Provincial Office (INPPO) sa kanilang imbestigasyon laban kay PLt. Col. Reynaldo Michael Agoncillo II, hepe ng pulisya sa Batac.

Bukod sa pag-inom ng alak ay inakusahan si hepe at ilang tauhan nito ng panankit sa isang entertainer ng restobar sa Barangay Billo-ca.

Habang gumugulong ang imbestigasyon ay sinibak sa puwesto si hepe.

Ang kanyang depensa ay walang inumang nangyari at wala rin naganap na pananakit sa halip ay nagresponde lamang sila sa isang kaguluhan.

Well, lalabas din naman ang katotohanan sa pamamagitan ng patas na pagsisiyasat.

Alak nga naman, iba talaga ang naidudulot kagaya kina tserman at sa iba pa niyang barangay official.

Tunay nga 'ata ang sinasabing kapag bawal ay masarap, liquor ban pa kasi.

Uhaw na ba kayo sa alak?

Usap lang po, tuunan natin ng pansin ang babala ng Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration.

Pinapaalalahanan ng PAGASA ang publiko kaugnay ng nararansan at mararanasan pang mas mainit na panahon na epekto ng tagtuyot.

Kapag ganitong panahon ay nariyan ang amba ng heatstroke at iba pang sakit.

Kaya naman pinapayuhan ang pag-inom ng mas maraming tubig.

Tubig…tubig muna po tayo at kalimutan muna ang alak. Mas pawiin ang pagkauhaw sa tubig kaysa sa alak.

Nakakatulong din na kapag ganitong tag-init ay mainam ang pagsusuot ng mga damit na light colors.

Kapag lumalabas ay makabubuti rin ang paggamit ng shades bilang proteksiyon sa mga mata.

Pero kung wala naman pakay sa labas ay manatili na lamang sa loob ng bahay tutal ay umiiral naman ang enhanced community quarantine.

Marami kayong maiiwasang sakit ngayong tag-init lalung-lalo na ang COVID-19.

**Keep safe po tayong lahat!**

# EDITORYAL

## Diwa ng pagmamalasakit

**NAUSO na noon pa ang pagbibigay ng pabuya ng pamahalaan ng isang bansa sa sino mang makakapagturo o makakapagbigay ng impormasyon laban sa mga itinuturing na high-risk criminals na patuloy pa ring nakakalaya.**

**Panahon ng Ikalawang Pandaigdigang Digmaan ay may mga Pinoy na nagtalukbong o nagsuot ng bayong.**

**Sila ang mga tinatawag na 'Makapili' at sa harap ng mga sundalong Hapon ay tahasang itinuturo ang mga kapwa Pinoy na napapabilang sa hukbo ng mga guerilya.**

**Ginusto nilang maging isang 'Makapili' dahil sa pansariling interes o kapakanan dagdag pa ang ayudang natatamo sa mga Hapon.**

**Sa kasalukuyang sitwasyon, ang pagbibigay ng impormasyon laban sa mga opisyal ng gobyerno na 'nagbulsa' ng tulong pinansiyal na dapat ay sa karapat-dapat kapalit ng reward ay maaaring sabihing may magandang ibinubunga.**

**Iyon nga lamang, ipinapakita rito na sa bawat impormasyon ay mayroong kabayaran na hindi ba magagawa ito para sa diwa ng pagmamalasakit?**

**ADVERTISING RATES**

**COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm**

**LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm**

# Mga Quezonian, hinikayat ng TESDA para sa libreng online courses

**LUNGSOD NG LUCENA, Quezon (PIA)**- Hinikayat ng panlalawigang tanggapan ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA)-Quezon ang mga residente ng lalawigan para sa libreng online courses na ipinagkakaloob ng TESDA ngayong panahon ng enhance community quarantine.

Sinabi ni Supervising Technical Education Skills Development Specialist Engr. Racy Gesmundo, puwedeng mag-enroll ang kahit sino na residente ng Quezon sa TESDA Online Program (TOP).

"Kailangang pumunta lamang sa e-tesda.gov.ph website ang mga interesadong indibidwal," sabi pa ni Gesmundo

Ayon pa kay Gesmundo, ang mga dati nang may account ay puwede nang mag-register habang ang wala pa ay kailangang gumawa muna ng bagong account at mag-fill-up sa online form.

Ang mga kursong may kaugnayan sa agriculture, automotive, entrepreneurship, electrical and electronics, human health and health care, information and communication technology, maritime, food and beverages, social and community development, tourism at iba pa ay maaaring kunin sa TESDA Online Program.

Ang mga makakatapos ng kahit anong kurso sa TOP ay mabibigyan ng katibayan o sertipiko na pwedeng gamitin bilang credential sa pagtatrabaho sa isang kumpanya ayon pa kay Gesmundo. **(Ruel Orinday- PIA-Quezon)**

# PGC, LGUs assist stranded Caviteño domestic tourists

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA)** -- The provincial government thru the Provincial Tourism and Cultural Affairs (PTCAO) and tourism offices of several LGUs recently assisted Caviteño domestic tourists stranded in different cities and provinces in the country.

About 74 domestic tourists were flown in via domestic sweeper flights arranged by the Department of Tourism (DOT) in response to the authorization given by the Inter-Agency Task Force (IATF) on COVID-19.

They arrived at the Ninoy Aguino International Airport (NAIA) on May 1 & 2, 2020 and were transported to their respective hometowns using the Cavite Provincial Government shuttle bus and LGU service vehicles.

The domestic tourists were residents of the cities of Bacoor, Imus, Dasmariñas, General Trias and Trece Martires and the municipalities of Carmona and Silang.

Meanwhile, the Cavite PTCAO continuously coordinates with the DOT and local tourism offices to assist other stranded kababayans, domestic and even Overseas Foreign Workers due to the ongoing health emergency crisis. **(Ruel Francisco, PIA Cavite with reports from Cavite Tourism FB page)**

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!'** ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638

**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.*** papi

# ANAK, KINASUHAN NG MAGULANG DAHIL SA PAMPAGAWA NG CP

**ISANG 20-anyos na tricycle driver ang kinasuhan ng kanyang magulang dahil lamang sa perang pampagawa ng nasira nitong cellphone sa Ternate, Cavite.**

Nakakulong sa Ternate Custodial Center ang suspek na si John Paulo Mojica, may-asawa, ng Sapang 1, Ternate, dahil sa reklamo ng magulang nitong sina Joselito, 53, at Paulina Mojica, 55, ng nasabing lugar.

Sa ulat ni PSSgt Ernesto Gayyed, ng Ternate Municipal Police Station, dakong alas-12:30 ng tanghali nang naganap ang insidente sa bahay ng pamilya Mojica.

Humihingi ng pera ang suspek sa mga magulang dahil ipapagawa umano nito ang nasirang cellphone dahil walang mapaglilibangan ngayon naka-lockdown.

Ayon kay Gayyed, sinabihan umano ang suspek na sarado naman ang pagawaan gayunman pero binigyan pa rin siya ng magulang nito ng P500.

Humihirit pa ang suspek ng dagdag dahil kulang ito pero wala ng maibigay ang dalawang matanda dahilan upang murahin niya ang mga ito.

Hindi pa nasiyahan sa pagmumura sa magulang, kumuha ng kutsiylo at inundayan ng saksak ang ina at ama pero mabilis na nakaiwas ang mga ito at humingi ng saklolo na nagresulta sa pagkakaaresto sa suspek.

"Hindi naman gumagamit ng droga ang suspek pero bine-"baby" daw siya ng mga magulang nito kaya pinapagusto siya" ayon kaya Gayyed.

Nabatid na humihingi ng tawad ang suspek pero desidido ang mugalang nito na sampahan ng kasong attempted homicide para umano ito matuto. **GENE ADSUARA**

# 3 katao, kalaboso sa sugal kahit hard lockdown

**ARESTADO** ang tatlo katao makaraang maaktuhang naglalaro ng sugal at makuhaan pa ng isang kalibreng baril sa ilalim na ipinatupad na "hard Lockdown " sa Distrito uno Tondo, Maynila kamakailan.

Himas rehas ang tatlong suspek na sina Rogel Ilagan y Carbonel, 24; Jomarie Hayahay, 30; Reynald Aviertas, 28; pawang binata at nakatira sa Brgy 128, Tondo.

Nabatid na nagsagawa ng Oplan Galugad ang mga tauhan ng MPD-DPIOU sa pangunguna ni CPT Jervis Soriano kaugnay sa Manila City Executive Order #22 o ang kautosan ni Manila Mayor Francisco "Isko Moreno" na 48 oras na hard lockdown ang buong unang distrito ng Tondo na bahagi ng enhanced community quarantine dahil sa COVID-19.

Sa kanilang paggalugad ay namataan ang mga suspek na nagsusugal ng cara y cruz sa Marala Riverside Smokey Mountain Permanent Housing dahilan para sila ay arestuhin nitong Lunes.

Narekober sa mga suspek ang sumpak, kalibre 38 revolver, bala baril at mga perang ginamit sa pagsusugal.

Kasong paglabag sa Bayanihan to heal as one act, Mandatory Reporting of Notifiable Diseases and Health Events of Public Concern, Presidential Decree 1602 o Cara y Cruz, at illegal possession of firearm ang kinaharap ng mga suspek. **(leonard basilio)**



**HINDI** nakalimot sa pagtulong sa panahon ng covid-19 si Councilor Tess de Asis, ng District 2, Paranaque City sa pamamagitan ng relief goods operations sa mga residente ng iba't ibang barangay. **(JIMMY HAO)**

# Milyong halaga ng shabu, nakumpiska sa dalaga

**HINDI** hadlang ang mahigpit na pagpapairal ng Calibrated Community Quarantine (CCQ) sa buong lalawigan ng Cavite, upang hindi magpatuloy ang "negosyo" sa larangan ng droga nang tinatayang mahigit sa P1 milyon halaga ng hinihinalang shabu ang nasamsam at nagresulta sa pagkakaresto sa isang 53-anyos na babae sa isinagawang buy bust operation sa Dasmarinas City.

Nakakulong sa Dasmarinas City Custodial Center ang suspek na si Flordelinda Cornell, dalaga, ng Brgy Datu Esmael, Dasmarinas City habang pinaghahanap pa ang nakatakas na kasama nito na si Javie Mala, ng nasabing lugar.

Sa ulat ni PSSgt Ernesto Dasalla, Jr., ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-9:00 ng gabi na sa kabila ng ipinapairal ang Calibrated Community Quarantine ay nagsagawa ng buy bust operation ang mga tauhan ng Drug Enforcement team (DET) sa pamumuno ni PCapt Christel Carlo Villanueva , Dasmarinas CPS at PDEA 4A sa Brgy Datu Esmael kung saan target ang mga suspek.

Sa kalagitnaan ng transaksiyon sa pagitan ng mga suspek at poseur buyer, naramdaman ni Mala na pulis ang kanilang ka-transaksiyon kaya tumakas ito at iniwanan ang kasama pero sa kanyang pagtakbo ay nalaglag nito ang itim na sling bag kung saan naglalaman ng tinatayang 200 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P1,360,000.

Bukod sa nakuhang hinihinalang shabu, narekober din sa lugar ang mga bala ng kalibre 45 na baril at buy bust money na P85,000. **GENE ADSUARA**



**ANG** 250 personel ng PNP Special Action Force SAF mula sa Camp Bagong Diwa-National Capital Region Police Office NCRPO habang pinasasalamatan ay binigyan ng kaukulang instructions ni MPD District Director B/Gen. Rolando Miranda bilang bahagi ng kanilang pagtulong sa nakalipas na pagpapatupad na hard lockdown sa Distrito Uno, Tondo, Manila. Naging katuwang sila ng mga operatiba ng MPD partikular ng SWAT. **CHRISTIAN HERAMIS**

# Amidst ECQ, GCQ Tugade orders LTO to intensify anti-smoke belching

**CALOOCAN CITY (PIA)-- Department of Transportation (DOTr)** Secretary Arthur P. Tugade instructed the Land Transportation Office-Philippines (LTO) to intensify and strictly implement anti-smoke belching initiatives, even as most parts of the country remain under the Enhanced Community Quarantine (ECQ), and the General Community Quarantine (GCQ).

Tugade tasked the LTO, together with concerned agencies, to strictly enforce Republic Act No.8749, also known as the Clean Air Act of 1999 and other relevant laws.

In an online meeting with the DOTr Road Sector on May 5, Secretary Tugade directed the LTO to ensure that vehicles on the country's roads comply with the emission standards of the country.

"Dapat siguruhin natin na ang lahat ng mga sasakyan sa kalye ay sumusunod sa pamantayan," Tugade said.

According to a recent study released by experts from the Department of Environment and Natural Resources, the Institute of Environmental Science & Meteorology (IESM) at the University of the Philippines in Diliman, and Airtoday.ph, air quality in Metro Manila has improved significantly with the continued implementation of the ECQ. Majority of air pollution in the areas observed in the study come from vehicle emissions.

"Sayang naman ang pagbuti ng air quality, lalo na dito sa Metro Manila ngayong may ECQ, kung babalik lang din sa dati. Look at the aerial landscape now. It is very clean. It is very beautiful. Now, we can see from afar Corregidor and Bataan from Roxas Boulevard because of the very clear horizon," Tugade said.

"You can see the Sierra Madre Mountain Range as a backdrop of Metro Manila. Our skyline is now smog-free and very beautiful. Napakagandang pagmasdan. Kaya nararapat lamang na maging bahagi ang magandang kalidad ng hangin ng ating 'new normal," Tugade pointed out.

For his part, LTO Assistant Secretary Edgar C. Galvante said that the agency will intensify its anti-smoke belching enforcement.

"Magbubuo kami ng mga hakbang upang mapalawig at mapaigting ang implementasyon laban sa smoke-belching, alinsunod sa direktiba ni Secretary Tugade," the LTO Chief said.

"We will revisit the law and cite relevant provisions to intensify the implementation," LTO Galvante added.

Health experts say that air pollution is one of the major causes of respiratory problems and other ailments. Persons with existing health problems, and therefore, with weak immune system, have a higher risk of contracting and difficulty in overcoming COVID-19. **(DOTr/PIA-NCR)**

# Lalaki, patay sa pananaga ng kapitbahay

NASAWI ang isang 36-anyos na lalaki nang pagtatagain ng kapitbahay nito na sa kabila ng ipinapairal na Calibrated Community Quarantine (CCQ) sa buong lalawigan ng Cavite ay nag-inuman at naungkat ang matagal na nilang alitan sa Gen. Trias City, Cavite.

Isinugod pa sa Gen. Trias Hospital ang biktimang si Adrian Subaan, binata, ng Block 55 Lot 18 Bella Vista Subd., Brgy Tapis General Trias City, habang arestado naman ang suspek na kapitbahay nito na si Christopher Lara, 41, may-asawa.

Sa imbestigasyon ni PSSgt Ernesto Angue, Jr., ng Gen Trias City Police Station, nag-iinuman ang biktima, suspek at ilang kasama sa Bella Vita Sub., Brgy Tapia at nang sa kaligtnaan ng kanilang kuwentuhan ay naungkat ang dating alitan ng dalawa.

Napikon ang suspek kaya kumuha ng jungle bolo at pinagtataga ang biktima.

Isinugod pa ang biktima sa ospital subalit idineklarang dead on arrival habang tinangka ng suspek na tumakas subalit naaresto ng mga meimbro ng Bantay Bayan na sina Joselito Atencio at Victor Arevalo habang narekober din ang jungle bolo na ginamit sa pagpatay. **GENE ADSUARA**

# BUHAY NI LOLO, KAPALIT NG BUHAY NI KAGAWAD?

**SA kagustuhan hindi mapahamak ang isang 71-anyos na lolo, ang buhay naman ng isang barangay kagawad ang naging kapalit sa Imus City, Cavite.**

Isinugod pa sa Emilio Aguinaldo Hospital ang kagawad na si Dante Deluz, 56, ng 239 Brgy Malagasang 1-E, Imus City, Cavite pero dakong alas-8:00 ng gabi nang ideklara itong patay habang galos lamang ang tinamo ng lolong si Efren Sico, may-asawa ng 186 Lance Ville Brgy Malagasang 2-AImus City.

Sa ulat ng Imus City Police Station, dakong alas-7:30 Miyerkules ng umaga nang naganap ang insidente sa Brgy Anabu 2-D, kung saan binabagtas ng dalawa ang parehong direksiyon.

Minamaneho ni Sico ang kanyang electric bike habang sakay naman ang kagawad sa isang Barangay Patrol Tricycle na minamaneho ni Bantay Bayan Eduado Lansangan at parehong binabagtas ang west to east direction patungo sa Anabu Coastal, Brgy Anabu 2-D nang aksidente masagi ng kaliwang hawakang bahagi ng electric bike ni Sico ang harapang bahagi ng traysikel ng barangay.

Tinangka ni Deluz na abutin ang e-bike upang hindi tuluyang masagi pero sa tangkang pag-abot nito ay nawalan ng balanse at nahulog sa semento at tumama ang kanyang ulo dahilan upang isugod sa ospital subalit namatay din habang ginagamot.

Bumagsak din si Sico kung saan nasugatan pero agad din itong tumayo at nagpatuloy na nagbisekleta paalis sa lugar na parang walang nangyari. **GENE ADSUARA**

# Over 1m workers get DOLE cash aid

**THE** labor department on Thursday said it has extended cash assistance to more than 1 million workers in both the formal and informal sectors, including overseas Filipino workers, as it winds up its social amelioration programs to help cushion the impact of the COVID-19 pandemic.

In its report to the President, DOLE said its assistance programs reached 1,059,387 workers and had disbursed about P4.44 billion of its regular budget and a separate P1.05 billion in emergency fund.

It said it has concluded the COVID-19 Adjustment Measures Program (CAMP) and the Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers, Barangay Ko Bahay Ko (TUPAD #BKBK) program as part of the government's response to mitigate the adverse economic effects of the health emergency on the low income workers.

It also said the only remaining program is the assistance to OFWs under the AKAP program, but also nearing completion with about 74 percent of the targeted OFW-beneficiaries already qualified for the release of the one-time P10,000 or $200 cash assistance.

DOLE said 103,467 OFWs were already listed as beneficiaries of the AKAP program representing displaced workers onsite and those repatriated or stranded in the country due to the community quarantine.

About P1.05 billion have been disbursed of the P1.5 billion special fund released for the program for an estimated 150,000 OFWs.

It said the department would need additional P2 billion in emergency funds to be able to service a significant portion of the 368,703 OFWs who had sought the cash aid as of May 5.

Also for the same period, DOLE said a total of 618,722 formal sector workers from 31,972 micro, small and medium enterprises were extended the P5,000 cash assistance under CAMP. DOLE spent P3.093 billion from its 2020 budget for the one-time assistance program. An additional 35,723 workers are expected to benefit from the cash aid as the CAMP program wraps up its operations this week.

The program was rolled out on March 23, and acceptance of requests for assistance by establishments was terminated on April 15 with the receipt of more than 1.6 million applications.

Under the TUPAD BKBK program, meanwhile, DOLE said 337,198 workers in the informal sector benefited from the 10-day emergency employment and were paid the minimum wage prevailing in their respective areas. Some P1.348 billion of the department's regular budget were disbursed to finance the program.

The emergency employment involved the disinfection and sanitation of the beneficiaries' dwellings and immediate vicinity to conform with the physical distancing protocol to prevent the spread of the virus. **(leonard basilio)**

# 5 Tserman, nakasalang sa 'hot water' ng SMaRT

**INATASAN** ni Manila Mayor Isko Moreno Domagoso ang Special Mayor's Reaction Team (SMaRT) para sa imbestigasyon laban sa limang Punong Barangay na inireklamo dahil sa umano'y ginawang pang-aabuso sa kanilang kapangyarihan at katiwalian.

Ang imbestigasyon ay nasa pangangasiwa ni SMaRT chief P/Maj. Rosalino Ibay, Jr.

Sinusulat ito ay nalalagay sa 'hot water' sina PB Erwin Catacutan, Jr., Brgy 62, Z-6, Dist. 1; PB Rodrigo Villarde, Brgy. 71, Z-6, Dist. 1; PB Edgardo Fojas, Brgy. 61, Z-5, Dist. 1; PB Joey Uy Jamisola, Brgy. 306, Z-30, Dist. 3; at PB Irene Padasas, Brgy. 43, Z-3, Dist. 1.

Ang imbestigasyon ay nag-ugat sa mga reklamong natanggap ng Office of the Mayor mula sa kanilang mga constituents.

Nahaharap ang mga nasabing punong barangay sa kasong paglabag sa Sec. 6 Paragraph A ng RA 11469 o mas kilala na "Bayanihan to Heal as One Act"; RA 3019 o ang Anti-Graft and Corrupt Practices Act; RA 6713 o ang Code of Conduct and Ethical Standards for Public Officials and Employees na may kaugnayan sa City Ordinance No. 8638 of Regular Session No. 58 ng 11th City Council (MDSW for welfare goods expenses). **(leonard basilio)**

# DA's KADIWA generates P10M sales in CALABARZON

**CALAMBA CITY, Laguna (PIA)**--The Department of Agriculture's (DA) KAtuwang sa DIwa at GaWA (KADIWA) ni Ani at Kita in CALABARZON has generated a gross sales of P10,174,019.69 since its roll out on March 11, 2020.

On May 3, KADIWA's three modalities for bringing food to consumers, the KADIWA on Wheels (mobile market), KADIWA Retail (traditional physical market), and KADIWA Online, recorded sales of P6,219,804.99, P3,952,048.90, and P2,165.80 respectively.

About 41,461 farmers' cooperatives and consumers/buyers benefitted from the KADIWA project, in which 117,742.85 kilograms of agri-fishery products such as vegetables, fruits, rice, livestock and poultry products, and fish have been sold.

The KADIWA project effectively supports key stakeholders across the food value chain, from supply-side farmers to demand-side consumers.

In CALABARZON, the development of the KADIWA project is being operated closely together by numerous farmers' cooperatives and associations, local government units (LGUs), individuals, and organizations.

The consortium of three cooperatives – Batangas Egg Producers' Cooperative, San Jose Workers' Multi-Purpose Cooperative, and Batangas Organic and Natural Farming Association Cooperative – has established to support their food production and selling operations.

Some barangays and cities in the region and in Metro Manila has commissioned the coops to prepare vegetable packs. Participating LGUs include Brgy. Doña Aurora, Quezon City; Brgy. San Antonio in Pasig City; and the cities of Sta. Rosa and Parañaque. Multi-purpose cooperatives in San Jose, and cities of Sto. Tomas and Batangas have hosted KADIWA markets.

KADIWA ni Ani at Kita is part of the continuing efforts of the DA to provide the public with healthy and affordable food and at the same time giving our farmers and fisherfolk the opportunity to market their products at this challenging period. **(CPG, PIA-4A/ DA 4A-RAFIS)**

# Laguna Molecular Laboratory, inaasahang mapapabilis ang resulta ng COVID-19 testing ng mga Lagunense

**LUNGSOD NG CALAMBA, Laguna (PIA)** --Inaasahang mapapabilis ang resulta ng coronavirus disease (COVID)-19 testing sa Laguna kapag natapos na at maging operasyonal ang binubuong Laguna Molecular Laboratory (LML) sa San Pablo City District Hospital (SPCDH).

"Aasahan sa pagbubukas nito ay mapapabilis na ang paglabas ng resulta ng COVID-19 testing na aabot lamang ng dalawa hanggang tatlong araw. Hindi na kailangan pa ilabas sa Laguna ang pagsusuri ng estado ang bawat Lagunense," wika ni Laguna Gov. Ramil Hernandez sa kanyang opisyal na FB Page.

Sinabi pa ng Gobernador na inaasahang mabibigyan ng pagkilala ang Laguna Molecular Laboratory ng Department of Health (DOH), Research Institute for Tropical Medicine (RITM) at World Health Organization (WHO) sa darating na Mayo 15.

Ayon naman kay Dr. Edgar M. Palacol, Hepe ng SPCDH, halos 70 porsyento patapos na ang pasilidad na matatagpuan sa ikalawang palapag ng pangunahing gusali ng SPCDH.

Mahigit sa 70 metro kwadrado ang sukat at maglalaman ng "specialized equipment" tulad ng Nuclei Acid Extraction machine, PCR machine, Biosafety Cabinet, Laminar Flow Hood, Microcentrifuges, Autoclaves, Cold Storage/Ultra low freezers at Pass Boxes.

Maglalagay ng hindi bababa sa anim (6) na Medical Technologists/Medical Laboratory Scientists na siyang magsasagawa ng testing na pamumunuan ni Dr. Imelda M.F. Flores-Palacol bilang Head of Laboratory.

"Naglaan tayo ng pondo dito para masuri ang mga pasyente ukol sa SAR-CoV-2 na nagdudulot na COVID-19 at tayo din ang bibili ng mga testing kits natin," sabi ni Gov. Ramil Hernandez.

Samantala, masaya ring ibinalita ni Gov. Ramil Hernandez na sa bawat araw na nakapagtatala ng COVID-19 cases sa lalawigan, mayroon din namang magandang balita na nakukuha mula sa COVID-19 recoveries.

"Sa kasalukuyan ay nakapagtala na tayo ng 93 recoveries. Hangad natin na madagdagan pa ang bilang ng mga gumaling, kasabay nang tuluyan nang pagiging COVID-Free ng ating lalawigan," pahayag ni Gov. Ramil Hernandez sa kanyang post noong Mayo 4.

Dagdag pa ng Gobernador, "Patuloy din ang pagsuporta at pagbibigay pugay natin sa lahat ng frontliners na hindi tumitigil sa pagsasakripisyo at pagbibigay ng serbisyong tama sa lalawigan."

"Patuloy tayong mag-dasal at labanan ang COVID-19!" pagtatapos ni Gov. Hernandez. **(Carlo P. Gonzaga, PIA-4A at ulat mula sa Gov. Ramil Hernandez FB Page)**

# SM Builds Seven Emergency Quarantine Facilities in Metro Manila

**SM, through SM Foundation, Inc. (SMFI), recently constructed seven (7) insulated emergency quarantine facilities (EQFs) in Pasay and Quezon City to house and treat patients affected by the Coronavirus Disease 2019 (COVID-19).**

Built by the SM Engineering Design and Development (SM EDD) team, and WTA Architecture and Design Studio, these include four facilities in Camp Crame and two facilities at the AFP Health Service Command – V. Luna in Quezon City; as well as one at the Air Force General Hospital – Villamor Air Base in Pasay City.

Completed within a span of six to ten days, these feature a total of 156 beds, air conditioning units, ceiling fans, exhaust fans, restrooms, shower areas, and nurse lounges. The EQFs are set to accommodate COVID-19 patients who are asymptomatic or with mild symptoms.

In the Camp Crame EQFs, each bed has a built-in call system and patients will have an access to Wi-Fi connectivity. PNP chief Gen. Archie Gamboa thanked SM Engineering Design and Development President Hans 'Chico' Sy Jr. and WTA Architecture and Designs for their contributions to the facility.

Apart from contributing to the ongoing fight against the COVID-19 pandemic, this social initiative also served as a platform for volunteeriSM for SM employees, especially those from SM EDD.

Through the EQF project, SM EDD employees were able to volunteer their time and expertise in constructing the insulated EQFs, an initiative that has received encouragement and strong support from the President of SM EDD, Hans 'Chico' Sy Jr.

SMFI's Leadership Team expressed gratitude to SM EDD volunteers for carrying out its purpose and commitment to provide EQFs to its partners in the uniformed service.

"We have courageous employee volunteers from SM EDD, sharing their expertise and time amidst COVID-19. We're proud to support their contribution during this time of incredible need," the team added.

SM Foundation also thanked its partners, the Air Force General Hospital, AFP Health Service Command and the WTA Architecture and Design Studio, as "saving lives is critical during this pandemic."

The building of insulated EQFs is one of SM's initiatives in line with its commitment to be of service to the Filipino public, its hospitals, and government during the coronavirus pandemic. Earlier, SM, through SM Foundation donated over PHP170 million worth of personal protective equipment, testing kits, and intensive care unit (ICU-grade) ventilators to over 100 hospitals and medical institutions.



The interior of one of the Camp Crame facilities, which like the rest features beds, airconditioning units, ceiling fans, exhaust fans, restrooms, shower areas, and nurse lounges



Each bed in the Camp Crame EQFs has a built-in call system and patients will have access to Wi-Fi connectivity



SM EDD and WTA Architecture and Design Studio built four facilities in Camp Crame in Quezon City



One of two EQF built at the AFP Health Service Command - V. Luna in Quezon City




The EQF at the Air Force General Hospital at the Villamor Air Base in Pasay City



The EQFs are set to accommodate COVID- 19 patients who are asymptomatic or with mild symptoms

YOUR CLASSIC FAVORITES AT SM CITY BACOOR FOR MOTHER'S DAY




No sweat planning for your Mother's Day surprise! Order in advance and we'll take care of the rest. We have delivery and takeout bundles available for your queen's special day. Best part? It comes with one (1) Krispy Kreme Popcorn tub for every advance order of the Mother's Day bundle. Advance order is from May 1 to 9, 2020. Available at Pancake House SM City Bacoor! Order yours today via pick-up, takeout, GrabFood, Foodpanda, Lalafood, 888-79000, or online at delivery.pancakehouse.com.ph.

You may also reach your preferred rider here: https://www.facebook.com/smcitybacoor/posts/3956760417668226



# KAPITNANAY WITH MARIAN AND WALTERMART



*Marian Rivera with her two moms: her lola whom she considers her nanay and puso ng tahanan and her mom whom she is very close with and considers her best friend.* ***(Photo from Marian Rivera)***

**This Mom's Month, Marian Rivera-Dantes shares the story of the amazing moms who have molded her to become the person that she is today, and how she, as a mom, faces the challenges of our present situation with WalterMart.**

Marian feels fortunate that she has two moms. She grew up with her lola, whom she fondly calls nanay, after her parents separated when she was two. It was her nanay, whom she considers the heart of the home (puso ng tahanan), who taught Marian that you can surpass anything if you have determination in life, faith in God, and believe in yourself and in the people, that surround you and love you – values that have contributed to her success.

And then, there is her mom, who she became close to when she returned, and now considers more of a best friend.



**Marian** *and* **Zia** *enjoy baking together.* ***(Photo from Marian Rivera)***



***Marian*** *personally home-schools for* ***Zia*** *while we are on ECQ.* ***(Photo from Marian Rivera)***

As a mom in our current situation, Marian's priority is her kids. She comes up with activities for her 4- year- old daughter Zia to keep her busy - home-studying, doing fun art and craft activities and baking.



***Marian*** *instills in her family and kasambahay the importance of praying together and to have faith in God which her nanay taught her.* **(Photo from Marian Rivera)**

**Marian** is also hands-on in planning and preparing food for her family. "Iyon ang pinakamahalaga na maihain ko sa kanila kung ano ang dapat at ligtas para sa kanila." She makes sure to get fresh ingredients and to complete her grocery list from WalterMart. And now because of the ECQ, WalterMart Supermarket delivery service is a big help for her.

Acknowledging, however, that she can't do everything herself, she believes that teamwork is important in families with husband Dingdong, daughter Zia, and of course, herself –taking on different tasks.



***Marian*** *personally prepares food for her family and frontliners using groceries from WalterMart Supermarket.* ***(Photo from Marian Rivera)***

This Mother's Day, Marian thanks all moms for taking care of and loving their families. While she feels sad about the current situation, she feels it is important that "we stay strong together, stay in touch, and inspire each other."

"Kung may kapitbahay na nagtutulungan sa oras ng kagipitan, tayo namang mga mommy ay magkakapitnanay," she suggests.



*A special day in the kitchen as Marian prepares food packs for the frontliners.* ***(Photo from Marian Rivera)***

This Mother's Month, Marian gives a special salute to our "kapit-nanay frontliners - doctors, nurses, police at military. Mga government workers, food and grocery workers, OFWs, at lahat ng essential workers." She believes that together, "kaya natin ito dahil magtutulungan tayo. Mabuhay ang mga #KapitNanay.



***Marian*** *loves WalterMart Supermarket delivery services. Visit www.waltermartdelivery.com.ph*

Like Marian, you can enjoy WalterMart's hassle-free grocery shopping experience through WalterMart Delivery service. Just visit www.waltermartdelivery.com.ph for all your grocery needs.

And those who wish to visit the supermarket need not worry as WalterMart implements its 4S program – Screening, Sanitation, Social Distancing and Service - across all WalterMart Community Malls. This is to ensure the well-being and safety of the families and communities it serves amid the coronavirus pandemic.

## JOIN THE FINE DINING FOR MOM FOOD STYLING CHALLENGE!




Dining at home this Mother's Day? Show mom that she deserves only the best! Comment down below with your most creative plating of your menu for Mom. The entry with most likes will win P 1,000 SM Shopping Money for Mom!

**#WeGotYouMOM**

**#CelebrateMomsDayWithSM**

## A GREAT JAPANESE TREAT FOR THE BEST MOM EVER AT BOTEJYU SM CITY BACOOR!




Treat your Mom with an extra serving of Gyoza (5pcs) for a minimum purchase of Php1500. Valid for delivery and take out transactions from May 8-10 only. Terms and conditions apply.

For orders, check us on Food Panda, Grab Food or Lala Food app. You may call our store nearest to you for pick-up orders.

**#BotejyuPH**

# Pinasalamatan ng Philippine Team ang PSC at PAGCOR sa pinansyal na tulong

**Nagalak ang mga miyembro ng koponan ng Pilipinas mula sa Cordillera Administrative Region (CAR) na bibigyan sila ng Philippine Sports Commission (PSC) ng kanilang buwanang allowance kahit na ang sports body ay nagpakilala ng mga panukalang pantig sa sinturon dahil sa sakit na coronavirus 2019 (Covid- 19) pandemya.**

"Nagpapasalamat ako. Lalo po na ganito ang sitwasyon natin (Lalo na sa ating sitwasyon ngayon), "sinabi ng Philippine wushu sanda team member na si Divine Wally.

"Ito ay isang malaking tulong sa akin at sa aking pamilya. Lubos kaming nagpapasalamat sa PSC at syempre sa PAGCOR (Philippine Amusement and Games Corporation), "dagdag ni Wally, na nanalo ng isang ginto sa huling Timog-Silangang Mga Larangan sa Timog-Silangang Asya.

Sinabi ni Wally na sa kabila ng sitwasyon, patuloy na tinutulungan ng gobyerno ang mga atleta ng Pilipinas.

Noong Huwebes, Abril 30, inihayag ng PSC na hindi ito titigil sa pagbibigay ng mga allowance ng mga pambansang atleta nito sa kabila ng mga panukalang-higpit ng sinturon.




Ngunit sinabi ng komisyonado ni PSC Ramon Fernandez kung gaano katagal hindi nila alam, at maaasahan ito kung ang isang bakuna ay natagpuan laban sa sakit.

Sinabi niya na ang pagbibigay ng allowance ay nakasalalay sa mga remittances ng PAGCOR, na ang operasyon ay tumigil mula sa Luzon na napahusay ang community quarantine noong Marso 17.

Habang ang marami sa mga probinsya ay idineklara noong Abril 30 sa ilalim ng pangkalahatang kuwarentong pangkomunidad, ang mga casino ay hindi naipagpatuloy ang operasyon.

Noong Marso 31, inilabas ng PAGCOR ang PHP150.75 milyon, kabilang ang PHP99.42 milyon upang suportahan ang mga atleta.

"Kailangan kong suriin ang aking bank account. Ang aming allowance ay karaniwang darating sa ika-10 ng buwan, "sabi ng miyembro ng koponan ng Philippine Arnis na si Eza Rai Yalong, na nanalo ng isang medalyang tanso sa ika-33 na SEAG noong Disyembre ng nakaraang taon.

Inilalaan na ni Islay Erika Bomogao ang kanyang allowance mula sa Muay Thai Federation para sa ikalawang round ng kaluwagan para sa isang grupo na hindi pa makilala.

Ang 18-taong-gulang na pilak na medalya sa ika-33 na SEAG sa labanan ang muay Thai ay ginugol ang kanyang allowance sa Abril para sa mga pagsusumikap sa pamamahinga lalo na para sa mga nag-iisang ina sa Barangay Dontogan dito.

Sinabi ng Boxer at Olympics na sinabi ni Nesthy Petecio na susubukan niyang ipagpatuloy ang pagsasanay sa kabila ng kahirapan na gawin ito dahil sa ECQ.

"Huwag kaming palabasin ng boarding ng mga kapitbahay namin, kaya tigil muna.

# Isinusulong ng (IFBB) ang pagbubukas muli ng fitness industry sa panahon ng GCQ

Ang isang malakas at malusog na katawan ay ang pinakamahusay na pagtatanggol laban sa nakamamatay na sakit sa coronavirus (Covid-19).

Sa pag-iisip, ang International Federation of bodybuilding and Fitness (IFBB) -Philippines ay humihikayat sa Inter-Agency Task Force for Management of emerging Infectious Diseases (IATF-EID) na muling isaalang-alang ang desisyon nito na ibukod ang fitness industriya sa mga industriya na pinapayagan na buksan muli at patakbuhin sa panahon ng pangkalahatang quarantine ng komunidad (GCQ).

"Kapansin-pansin na ang pagpapanatili ng isang malakas at malusog na katawan ay nagpapalaki ng kaligtasan sa sakit na siyang pangunahing kalasag at sandata laban sa Covid-19 at iba pang mga sakit," sabi ng pangulo ng IFBB-Philippines na si Rowena Walters sa isang tatlong pahinang liham sa IATF-EID na may petsang Mayo 1.

Ang IFBB ay gumawa ng isang agarang apela upang "payagan ang fitness industriya na gumana sa panahon ng pangkalahatang kuwarentong pangkomunidad sa ilalim ng mahigpit na mga hakbang at protocol sa kalinisan. "

"Nais naming bigyang-diin




na hindi namin ginagawa ang apela na ito upang idagdag sa pasanin ng pambansang pamahalaan at pinapanganib ang mga pagsisikap na pamahalaan ang krisis na ito," sabi ni Walters, na pinakamahusay na natatandaan para sa pagtatapos ng ikalimang pangkalahatang sa Arnold Sports Festival sa Columbus, Ohio noong Marso 2013.

"Ngunit ginagawa namin ang apela na ito na kumakatawan sa kolektibong tinig ng higit sa 1,000 mga may-ari ng gym at higit sa 10,000 mga tagapagsanay at manggagawa na lumipat dahil sa patuloy na pagsasara ng negosyo," dagdag niya.

Kabilang sa mga panukala na ipinasa ng IFBB ay:

- Paghahanda ng oras sa gym mula 7 ng umaga hanggang 7 p.m .;
- Limitasyon ng paggamit ng gym bawat gumagamit sa isang maximum ng isang oras;
- Pag-iskedyul ng mga gumagamit ng gym sa isang tiyak na oras ng puwang / panahon (walang walk-in) na sinusundan ng 30 minuto hanggang isang oras (depende sa laki) ng paglilinis at pagdidisimpekta ng gym;
- Mga gym upang magpatibay ng isang "Walang Mask at Guwantes, Walang Patakaran sa Pageehersisyo";
- Ang mga tauhan ng gym ay dapat magsuot ng mga kalasag sa mukha, mask at pagtatapon ng guwantes;
- Pag-scan ng temperatura ng thermal bago pumasok sa Gym;
- Kamay sanitizer at footbat bago pumasok sa Gym;
- Ang mga Trainer ng Gym ay dapat na obserbahan ang paglalakbay sa lipunan sa pagtuturo sa mga kliyente;
- Walang kahabaan at masahe pagkatapos ng pageehersisyo;
- Hindi pinapayagan ang mga klase ng pangkat;
- Walang pinapayagan na sparring sa Martial Arts at Boxing gym;
- Ang mga gym ay maaaring mag-install ng mga plastik na screen sa pagitan ng mga makina / kagamitan, at
- Sumailalim sa kakayahang pang-komersyal, mabilis na pagsubok sa kit dalawang beses sa isang buwan para sa gumagamit ng gym.

Sinabi ni Walters na ang IFBB ay handang umupo kasama ang IATF, lalo na sa Kagawaran ng Kalusugan, upang talakayin ang tinatawag na "New Normal of the Fitness Industry" sa mga buwan na darating habang wala pa ring mabuting lunas at bakuna laban kay Covid -19.




# Ikinalungkot ng PPC Prexy ang pag hinto ng PSC para sa pagpopondo ng Asean Para Games

Ang pangulo ng Komite ng Paralympic ng Pilipinas na si Mike Barredo ay nalungkot sa desisyon ng Philippine Sports Commission (PSC) na ihinto ang karagdagang pondo para sa pagho-host ng Asean Para Games.

Gayunpaman, kinilala ni Barredo na kailangan ng PSC upang i-cut ang ilang pondo upang matulungan ang gobyerno sa naglalaman ng sakit na coronavirus 2019 (Covid-19).

"Habang ito ay nakakalungkot na balita para sa aming lokal at Asean para-atleta, na nagsanay at nagsakripisyo ng marami upang kumatawan sa kani-kanilang mga bansa, kanilang kalusugan, at kaligtasan pati na rin ang kanilang mga coach, mga miyembro ng kanilang koponan, at pamilya, ay nananatiling aming tuktok priyoridad, "sinabi ni Barredo sa isang pahayag




Sinabi rin niya na "sa sandaling ito, ang sports ay dapat na kumuha ng isang puwesto sa likod upang matugunan ang isang mas malaking isyu."

Kamakailan ay inihayag ng PSC na umaatras ito ng karagdagang suporta sa pinansyal para sa paghost ng APG, na na-poste nang dalawang beses dahil sa kung ano ang naging isang pandemya ngayon, bagaman idinagdag nito na igagalang pa rin nito ang paunang pondo.

"Pinapakinggan namin ang panawagan ng pambansang pamahalaan na gupitin ang mga gastos habang binabaliktad namin ang karamihan sa aming mga mapagkukunan upang labanan ang pandemya, ngunit naninindigan din kami sa aming pangako na panatilihin ang pagsuporta sa mga miyembro ng pambansang koponan," sinabi ni chairman Butch Ramirez sa isang pahayag.

Ang pinakabagong pag-unlad, kasama ang iba pang desisyon ng PSC na kanselahin ang lahat ng mga kaganapan sa palakasan na inaasahang magho-host hanggang Disyembre, ay isang bagong palatandaan na maaaring makansela ang APG sa taong ito.

"Magpapadala kami ng isang komunikasyon sa Asean Para Sports Federation (APSF) sa kasalukuyang sitwasyon upang ang Board of Governors nito ay maaaring magpasya sa kapalaran ng APG," idinagdag ni Barredo.




## ASSUNTA DE ROSSI, PATULOY NA UMAANI NG PAGBATI



**ALAM na ng higit na nakakarami ang kasalukuyang kalagayan ni Assunta de Rossi kaugnay ng kanyang pagbubuntis.**

Sadyang halos lahat ay labis ang pagkakagulat lalo na nang ilagay ng aktres ang post sa kanyang social media account.

Kasabay ng pagkakagulat ay ang kasiyahan naman nang malamang buntis nga si Assunta sa kanyang mister na si Jules Ledesma.

Ikinasal sina Jules at Assunta noon pang Disyembre 14, 2002 sa Negros Occidental sa pamamagitan ng civil wedding.

Then after two years (2004) ay isinakatuparan naman ang church wedding ng dalawa sa Makati City.

Isang dekada mahigit ang nakalipas o maaaring sabihing going to two decades na ang kanilang marriage bago nabiyayaan ng anak.

'Ika nga para kay Assunta ay 'miracle baby' kasi hindi nito inakalang siya ay magbubuntis pa due to myoma and endometriosis.

Mismong ang aktres ay hindi rin halos makapaniwala kaya naman labis-labis ang kanyang pasasalamat.

Priot to that, last March ay may mga senyales na sa aktes para sa isang nagdadalang-tao.

Nang nararamdaman ang pagkahilo na may kasamang pagsusuka ay kumonsulta na agad si Assunta sa OB- Gyn niya.

Dahil maituturing nga na isang himala kaya patuloy na umaani ng pagbati si Assunta sa kanyang pagbubuntis.

Siyempre kasama rin sa pagbati ang kanyang mister na dating isang mambabatas.

Bago abutan ng pagiging isang senior citizen si Jules ay nakahabol pa siya ng dagdag na anak.

Si Jules ay 59 years old na samantalang si Assunta ay 37-anyos.

Bago nabiyudo si Jules sa pagyao ng kanyang asawa noong 2000 ay mayroon silang dalawang anak.

Ang mga anak ni Jules na sina Cristina ay 29-anyos na habang si Carlos na 24 naman.

Sa iyo Assunta at Jules, isang pagbati sa inyo!

@@@




## (11)

**"AYOKO…**bitiwan mo ako. Ayoooooooooooookkoooooo………"

Eksaktong ititihaya na ni Lea papaharap si Mikel nang magsimula ang paguungol ng binata.

Pagkatihaya ay kasunod naman ng mahabang pagkakasigaw ni Mikel.

"Nariyan na naman s'ya, ayaw n'ya talaga akong tigilan at pinipilit na naman n'ya ako Ate Lea."

Matiwasay naman na nagising ni Lea ang binata na sa pagmulat ng mga mata ay biglang yakap sa kanya ni Mikel.

Mahigpit ang pagkakayapos sa kanya ni Mikel, hinayaan na lamang muna niya na nakayakap ang binata.

Maraming beses na ang ginawang panggigising ni Lea pero ito ang unang pagkakataon na yumakap sa kanya si Mikel.

Nakahinga rin ng maluwag si Lea dahil naabutan niya si Mikel na aktong binabangungot.

Kahit paano ay nagising niya si Mikel, kung nahulihuli pa siya ay baka ano na ang nangyari.

Medyo napasarap kasi sa pagkakatulog habang nanunuod ng telebisyon.

First time din na nagyari iyon kay Lea na habang nanunuod ng telebisyon ay inabutan ng pagkakatulog.

"Heto ang tubig, sige at uminom ka muna."

Nang bumitiw sa pagkakayakap ay daling ikinuha ng tubig ni Lea si Mikel.

"Ganoon pa rin, s'ya pa rin at talagang pinipilit n'ya akong sumama sa kanya."

"Mahigpit ang pagkakahawak n'ya braso ko at gusto n'yang sabay kaming tatalon sa napakatarik na bangin."

Paulit-ulit ang ganoong panaginip kay Mikel na nauuwi sa bangungot na maaari niyang ikamatay.

"Masyadong malabo ang kanyang mukha, 'di talaga makikilala pero alam kong babae s'ya."

Garalgal pa rin ang tinig ni Mikel sa kanyang pakikipagkuwentuhan kay Lea.

"Sayang ang oras, mahaba-haba pa kaya matulog ka na uli. Sige na tulog ka na uli, 'wag kang magalala at narito naman ako na nakabantay sa 'yo."

Muling nahiga si Mikel, patagilid ang kanyang pagkakapuwesto na nakayakap sa isang malaking unan.

Ngayon niya higit na nauunawaan ang kanyang lola kung bakit kinuha si Lea.

Kumpiyansa naman si Mikel sa pagkakahiga at muling pagkakatulog dahil may bantay nga siya.

"Pwede naman."

**(Itutuloy)**






## (Ika-58 labas)

**"KUNG** 'di tumahimik 'tung babae eh ano ba dapat ang gawin."

Bagaman punung-puno ng takot sa dibdib ay pinilit na ni Jane na kumalma.

Tahimik na siya na ang ulo ay nakasubsob sa balikat ni Bernard nang kanyang marinig ang boses ng lalaking ang baril ay nakatutok sa kanila.

Nagtatanong ang isang lalaki sa kasama nito na siyang nagmamaneho at sumagot naman na kung hindi talaga tumahimik si Jane ay walang ibang dapat gawin kundi ang barilin na lamang.

"Basta 'yan ang utos, barilin at patayin 'pag nag-iskandalo at nag-ingay."

Sa narinig naman sa lalaking nagmamaneho ay mas lalong tumindi ang takot ni Jane.

"Utos…barilin at patayin!"

Iba naman ang tumatakbo sa isipan ni Bernard sa narinig niyang iyon.

Bago pa man ay nagtatanong na siya kung ano ang kanya o kanilang kasalanan ni Jane subalit walang sinasagot ang dalawang lalaki sa halip ay pinatatahimik lamang sila.

Sinabihan na siya kaagad na manahimik na lamang at wala ng marami pang tanong kung ayaw mamatay.

Nabubuo na sa isipan ni Bernard na hindi mga pulis ang dalawang lalaking ito.

Sa pagkakarinig sa salitang utos, ibig sabihin ay mayroong tao o mga taong nag-utos sa dalawang lalaki.

"Sino?...sino?..."

Pilit na iniisip ni Bernard kung may nag-utos nga ay sino naman kaya.

Hindi pumapasok sa isipan ni Bernard na baka si Cecile ang nag-utos.

Sariwa pa sa kanya ang mga eksena nang papaalis siya ng umaga na maaayos naman ang sitwasyon nilang dalawa ni Cecile.

"Pagbutihan mo ah, sige na lakad na at baka maiwan ka pa ng service."

Naghalikan pa sila ni Cecile bago siya umalis at pinaalalahanan pa ng babae.

Kaya naman hindi talaga sumasagi sa isip ni Bernard na paghinalaang may kagagawan si Cecile sa nangyayari sa kanila ngayon ni Jane.

Itinapat ni Bernard ang bibig sa tenga ni Jane upang matanong at makausap.

Batay naman sa sagot ni Jane ay hindi rin nito nakitaan ng pagkakduda ang kanyang daddy.

Kung hindi sina Cecile at Ramil ang may kagagawan ay sino ang nag-utos sa dalawang lalaki?

"May silencer ang baril na ito kaya 'pag ipinutok ko ay 'di maririnig. Uulitin ko, 'di ako magdadalawang-isip na iputok ito sa inyo."

**(Sundan)**

**CONGRATS DIN BILLY AND COLLEN**

'Buntisan blues' din lang naman ang ating paksa ay ipaabot na rin natin ang pagbati kina Billy Crawford at Collen Garcia.

Lagpas sa limang buwan ang ipinagbubuntis ni Collen sa kanyang mister na si Billy.

Sobrang saya rin ng celebrity couple nang ihayag na sa unang pagkakataon ay magkakaroon na sila ng beybi.

Hindi kagaya nina Jules at Assunta na napakatagal na bilang mag-asawa, sina Billy at Collen ay last April 2018 lamang ikinasal.

Beach wedding ang kina Billy at Collen na ginawa sa Balesin Island, Quezon.

# MAESTRA, NAHAGIP NG BARIL NG SEKYU?

**SUGATAN ang isang 37-anyos na teacher nang tamaan ng baril ang katawan nito ng service firearm ng isang sekyu nang nahulog habang dinadampot ang kanyang facemask sa Bacoor City, Cavite.**

Ginamot sa Imus Medical Center ang biktimang si Angeline Soriano, may-asawa, tubong Batanes, at ng Block 1 Lot 13 Phase 5 Palermo St., Lessandra, Brgy Salinas 2, Bacoor City, habang kinilala naman ang gwardiya na si Noel Villanueva Jr., 21, security guard ng Mossad Security Agency at residente ng Bautista Zone 9 Block 85 Lot 26 Brgy Sampaloc IV, Dasmarinas City, Cavite.

Sa ulat ni Police Corporal Edilberto Reyes, Jr., ng Bacoor City Police Station, dakong alas-6:45 ng umaga naganap ang insidente kung saan kapwa nakapila at bumibili sa isang tindahan sa Villa Lessandra, Phase 5 Brgy Salinas 2 ng naturang lungsod ang dalawa.

Una sa pila ang guro at nang nahulog ang face mask ng sekyu ay yumuko upang damputin ito.

Nahulog ang nakasukbit nitong slig bag na naglalaman ng service firearm na kalibre 38 at aksidenteng pumutok at tamaan sa likurang bahagi ng katawan ng biktima.

Isungod ito sa ospital ang biktima habang ang gwardiya ay inaresto ng mga rumespondneg barangay tanod. **GENE ADSUARA**

# Motor vs. Nizzan Urvan; rider tigbak, angkas sugatan

**NASAWI** ang isang 33-anyos na Overseas Filipino Worker (OFW) na rider habang sugatan ang angkas nito nang nakasalpukan ang isang paparating na sasakyan matapos umanong nag-overtake sa Gen Trias City, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa GenTri Medical Center ang biktimang si Richard Martinez, binata, ng B30 L67 Country Meadow, Brgy. San Francisco, Gen Trias City, Cavite habang inoobserbahan ang angkas nitong si Gerald Nonat, 30 binata, isang security Guard ng B21 L60 Country Meadow, Brgy. San Francisco, Gen Trias City.

Kinilala naman ang driver ng isang Nissan Urvan na may plakang NAU 8801 na si Eugene Nicolas, 42, negosyante, ng B24 L28 Camachille Subd., Brgy. Pasong Camachille, Gen Trias City.

Sa ulat ni PMSgt Rommel Taal, ng General Trias City Police Station, dakong alas-6:00 ng gabi nang naganap ang insidente sa kahabaan ng Arnaldo Highway sakop ng Brgy San Francisco, ng naturang Lungsod, at kapwa binabagtas ng mga biktima at suspek ang naturang lugar.

Minamanheo ni Martinez ang kanyang motorsiklong Kawasaki at angkas nito si Nonat habang binabagtas ang opposite direction ng kalsada patungo sa direksiyon ng Monterey habang minamaneho naman ni Nicolas ang Nissan Urvan at binabagatas ang kabilang lane ng kalsada patungo sa direction ng Pasong Camachile.

Gayunman, pagsapit sa nasabing lugar nang nag-overtake umano ang motorsiklo sa isang sasakyan at okupahan ang kabilang kalsada na paparating naman ang sasakyan ni Nicolas.

Dahilan ito upang magsalpukan umano ang mga ito at tumilapon sa motorsiklo ang dalawa.

Kapwa isinugod sa ospital sina Martinez at Nonat subalit namatay habang ginagamot ang una. **GENE ADSUARA**

# NIA IV-A resumes repair & construction works of irrigation facilities in CALABARZON

**PILA, Laguna (PIA)** – The National Irrigation Administration (NIA) recommences its repair and construction activities of irrigation facilities in CALABARZON in consonance with NIA Memorandum Circular No. 53 s. 2020 released on April 23.

Said Memo is NIA's response to the Government's effort towards food security amid the state of public health emergency.

Thru the Memo, NIA instructed its field offices to issue skeletal workforce ID as a quarantine pass (QP) to contractors and its workers for purposes of maintaining and construction irrigation projects.

"The resumption of our repair and construction activities on our irrigation facilities portray our commitment to continually support our Filipino farmers in providing and securing food for the nation amid this health crisis", said Regional Manager Romeo Lopez.

In addition, NIA field offices must secure coordination with provincial and local government units (LGUs) to ensure smooth and unhampered project implementation.

The contractors/workers were told to submit a certification from a duly licensed physician to assure the personnel are physically fit to work and not exhibiting any COVID-19 symptoms.

The contractors are also responsible in providing appropriate personal protective equipment (PPE) to their respective personnel and NIA field offices must ensure the compliance with all appropriate safety protocols during the conduct of construction activities.

"Ang reminder lang sa atin sa pagpapatuloy ng ating mga pagawain sa patubig, ay dapat hindi ma-apektuhan ang anumang farming activities ng ating mga magsasaka", he added.

(The reminder to us in continuing the irrigation works is that no farming activities should be affected while repair/construction activities are ongoing.)

RM Lopez instructed all field personnel to always coordinate with Irrigators Associations (IAs) and farmers to establish a win-win situation taking into consideration the improvement of irrigation facilities and early wet planting season.

The continuation of aforesaid activities is in line with Department of Interior and Local Government (DILG) Advisory which states that movement of food and essential goods shall remain unhampered.

Repair and construction activities are also in response with Department of Agriculture (DA) Memo Circular No. 9 which emphasizes that all farming and fishing activities shall continue to ensure sufficient food supply across the country. **(CPG, PIA-4A/NIA IV-A)**

# Hontiveros urges immediate passage of Expanded Solo Parents

"**THE** pandemic shines a light on what solo parents – like myself – already intimately know: that raising a child as a solo parent is infinitely harder in every conceivable aspect than raising a child as a two-parent household."

This was the sentiment of Senator Risa Hontiveros, Chair of the Committee on Women, Children, Family Relations and Gender Equality, today during her sponsorship speech urging the immediate passage of the Expanded Solo Parents Welfare Act.

"Financial hardships are common among two-income families. The challenge is even more difficult for a solo parent who is forced to rely on one income stream, especially now," she said. "Considering that there are approximately 3 million solo parent households, this means that there are almost 3 million families that are in danger of not being able to fulfill their daily needs."

According to the Senator, the Expanded Solo Parents Welfare Act of 2020, or SB 1411, will include a 20% discount on medical needs of the child, the child's basic necessities, diapers until age 3, hospital bills of both the solo parent and the child, and the child's tuition fees from kindergarten until college.

Hontiveros' bill will also entitle solo parents to an additional 7 day parental leave, on top of leave privileges under existing laws. It also mandates government and private companies with more than 300 employees to create daycare facilities.

The Expanded Solo Parents' Welfare Bill also seeks to expand the definition of solo parents to include spouses of low-income overseas Filipino workers who are away from the Philippines for an unbroken period of twelve (12) months.

The Senator said the Expanded Solo Parents Welfare Act or SB1411 is even more relevant now, given the amplification of unique hardships experienced by solo parents during the pandemic. She said balancing livelihood and childcare for solo parents is now "exponentially harder."

"Bukod sa pag-aalala kung saan sila kukuha ng panggastos sa pang-araw araw nilang pangangailangan, kailangan din nilang isipin kung sino ang pwedeng takbuhan ng kanilang mga anak kung sakaling sila ay magkasakit o di kaya ay magpositibo sa COVID. Saan sila kukuha ng pangbili ng pagkain? Sino na ang mag-aalaga sa kanilang mga anak?" Hontiveros said.

"We will be facing a lot of changes as we transition out of this quarantine. Our solo parents need a 'new normal' that includes them. No one should get left behind," she concluded. **PR**

# BOC prepares for the new normal, pushes ICT Projects

**THE** Bureau of Customs (BOC) will implement more Information and Communications Technology (ICT) projects that will speed up trade, strengthen border security and protect government revenues in response to the "new normal" brought about by the COVID-19 pandemic.

Foremost is the stabilization of the E2M system as a continuing modernization project of the Bureau. Under the program ASYCUDA, the legacy component of E2M will be replaced by Trade Engine to ensure the fast system performance of the existing system. As of May 1, 2020, Trade Engine has been successfully rolled out in all Collection Districts.

Another project the BOC is working on is the Online Inventory Management System for Off-Dock Container Yard/Container Freight Stations (CY/CFS) that will monitor the real-time status of import goods transferred, stored, and withdrawn. Through the system, protection of government revenues against possible leakages arising from discrepancies and misdeclaration of quantity and gross weight of imported goods is assured.

The BOC will likewise develop an Online Inventory Management System for Customs Bonded Warehouses (CBW) that will monitor real time status and accounting of imported raw materials from the time of its transfer from the port of discharge to the CBW destination, the withdrawal thereof either for production, transfer to another CBW or to a freezone registered enterprise up to the exportation of finished goods. It will also manage the liquidation of the goods declaration filed for the imported raw materials.

An Online Payment Platform will also be introduced this year in which payment of customs fees such as processing fee for registration of importers and customs brokers at the Account Management Office (AMO) will be accepted online. The said system will complement other online transactions of the Bureau.

Furthermore, initiatives will be introduced for the adoption and implementation of a Passenger Customs Clearance System at the BOC-NAIA. It is an electronic system that will allow passengers to fill-out the Customs Baggage Declaration Form using their mobile phones, making it more accessible to stakeholders and provide readily available data to BOC Examiners.

Last week, May 1, 2020, the BOC launched the Electronic Tracking of Containerized Cargo (E-TRACC) System that enables the Bureau real-time monitoring of inland movements of containerized goods using GPS-enabled tracking device to secure transport to intended destination. Observing the roll-out plan schedule, the System will undergo Quality Assurance Testing phase within the week, according to the BOC-Assessment and Operations Group (AOCG).

The loan negotiations between the Department of Finance and World Bank on the Philippine Customs Modernization Project which was approved last March 6, 2020 by the National Economic and Development Authority Investment Coordination Committee Cabinet Committee (NEDA ICC CabCom) will begin on May 12, 2020. The Customs Commissioner has already signed the letter to the Department of Budget Management for issuance of the Forward Obligation Authority (FOA) for the Project. The FOA is a requirement for the loan negotiation. The BOC will also issue a Customs Special Order, creating the Project Management Unit (PMU) tasked to oversee the implementation of the Project and ensure that the project objectives, along with the specifications and standards set are met during construction, deployment and implementation of the project. A Special Bids and Awards Committee shall also be constituted for the procurement of the different components of the project.

The BOC is fast-tracking the roll-out of these projects and is expected to be fully implemented in the next few months. **PR**

# PANAWAGAN KINA MAYORS MALIKSI AT AGUINALDO

**MINABUTI ng isang ginang na lumikha ng bukas na liham (open letter) bilang panawagan sa dalawang mayor mula sa Cavite.**

Nakatuon ang naturang open letter kina Mayor Emmanuel Maliksi, ng Imus City; at Mayor Angelo Emilio Aguinaldo, ng Kawit.

Batay sa open letter, na naka-post sa social media account ng ginang, ay ang kahilingan sa pagkakaloob ng travel pass mula sa dalawang local government unit para sa mga residente ng Boston Heights Subdivision sa Barangay Toclong, Kawit.

Lumilitaw na bagaman sakop ng Kawit, isinasaad sa liham na ang gate papasok at palabas ng subdivision ay nasa teritoryo naman ng Alapan sa Imus City.

Ang pagpost ng nasabing open letter ay ipinasya ng ginang para na rin sa kapakanan ng mga naninirahan sa nabanggit na subdivision.

Nagdudulot umano ito ng pagkalito para sa mga residente ng subdivision lalo pa kung kabilang naman sa mga frontliner o iyong mga essential worker na nagtataglay ng IATF ID.

Nilinaw ng ginang na siya maging ang mga residente ng subdivision ay walang ano mang pagtutol sa mga patakaran o alituntuning ipinatutupad ng pamahalaang lokal ng Imus City at Kawit na may kinalaman sa enhanced community quarantine.

Umaasa ang ginang sa katugunan ng dalawang alkalde dahil mahirap nga naman ang kanilang sitwasyon na nasa bakuran sila ng Kawit subalit kapag lalabas ay nakatuntong na sa lupa ng Imus City. **RS**

# Guidelines set for establishments to operate in Trece Martires

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA)** -- The local government here recently issued the guidelines for operations of business establishments within the city while under enhance community quarantine (ECQ).

To be operational, business establisments are required to secure a Special Permit to Operate (SPO) from the City Hall free of charge and observe certain requirements pursuant to the IATF Resolution No. 30, DTI Guidelines, DOLE Memorandum and other city ordinance, resolution and executive orders.

Gyms and sports facilities; wellness & spa; entertainment like cinemas, theaters, carnivals, arenas, pubs and bars; convention centers, events places and other businesses where there are mass gatherings; computer shops, gambling and betting sites; resorts, hotels and apartelles and travel agencies and tourism related businesses, and schools are not allowed to resume their operations.

However, restaurants and food chains will only accept delivery and take-out transactions.

Qualified businesses should be registered with the City Business and Licensing Office, must comply with DOLE Labor Advisory #09-2020 and only 50 percent of the regular workforce will be allowed to report for work.

Business establishments will only be operational upon the issuance of the SPO and must ensure that ECQ protocols will always be observed like mandatory wearing of face mask; observance of social distancing among employees and customers; provision of alcohol (70% solution) at strategic locations within the store or workplace, and daily disinfection of all the equipment and the workplace.

Businesses will be open from Mondays- Saturdays but 'Cluster Schedule' of residents must strictly be monitored to prevent overcrowding to give way for physical distancing among customers.

The local government reiterated that business establishments already operating prior to May 1-15, 2020 will remain operational and are not required to secure a SPO.

Meanwhile, local authorities and concerned government agencies warned that business owners caught operating without the necessary permit will be penalized and charged according to the law. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite with report from the FB announcement of Mayor Gemma Lubigan)**

# "Practice proper online behavior" AFP tells its members

**PASIG CITY (PIA)** –"All AFP military, civilian human resource, to include dependents, are directed to practice caution in publicizing personal opinion especially when engaging in social media activities," says the directive from the Office of the AFP Chief of Staff through the Public Affairs Office published on May 6.

The directive was communicated to the different Commanders of the Major Services and Unified Commands with an official message.

It cited a policy on social media use published in 2016. Specifically, it called for "proper etiquette and a high standard of conduct and behavior in any and all online interaction or activity."

Under the policy, posting or sharing online any materials that violate existing laws, rules, and regulations is also prohibited, along with "information that harm or put other people in embarrassing, inconvenient, and or humiliating positions or put the AFP or any of its units in bad light."

While posting personal opinion is not strictly prohibited, all personnel must ensure that their posts are not misconstrued as official releases, statements, or position of the AFP.

The AFP also reminded its Commanders and Spokespersons to follow the Security-Accuracy-Propriety-Policy Rule published in a 2007 Letter Directive.

Security refers to measures that prevent unauthorized persons from having access to official and classified information, while accuracy refers to the correctness of all data, names, figures, quotations, and statements.

Meanwhile, propriety limits to the proper authority the disclosure of information that are within their official capacity and responsibility.

Policy on the other hand refers to the adherence to a broad course of action or guidance adopted by the government in pursuit of certain objectives.

"Each member of our organization has a responsibility to protect not only our physical structures and the lives they contain, but more importantly the people's trust and confidence that took many years to build," AFP Chief of Staff General Felimon Santos Jr said.

"Our ranks and positions as public servants hold us to higher standards of discipline and behavior and we are expected to live up to these in every aspect of our lives," General Santos Jr added. **(AFP/PIA-NCR)**

# TRO hirit ng 'Dos sa SC

**TEMPORARY** Restraining Order o TRO, inihirit ng Kapamilya network para pigilan ang cease and desist order ng National Telecommunications Commission.

Naniniwala ang ABS-CBN na ang cease and desist order ng NTC at paglabag sa karapatan ng publiko sa tamang impormasyon at pagsagka sa kalayaan sa pamamahayag.

Ayon sa network, magdudulot ito ng seryoso at tinatawag na irreparable damage sa kumpanya at sa libo-libo nitong empleyado kung magpapatuloy ang implementasyon ng CDO.

Naghain din ang kumpanya ng urgent motion sa SC para agad na mai-raffle ang kaso. **(leonard basilio)**

# Sistema COVID-19 monitoring, binigyang-linaw

**SAN JOSE, Occidental Mindoro (PIA)** -- Ipinaliwanag kamakailan ni Department of Science and Technology (DOST) Provincial Director Ethel Coronacion ang isang pamamaraan na maaaring gamitin ng mga lokal na pamahalaan (LGU) sa pagmo-monitor ng Coronavirus Disease (COVID-19) sa kanilang munisipyo.

"Ito ay ang kumbinasyon ng Tanod COVID at Feasibility Analysis of Syndromic Surveillance using Spatio-Temporal Epidemiological Modeler (FASSSTER)," pasimula ng direktor. Aniya, ang Tanod Covid ay isang napapanahong sistema ng pag-uulat ng mga mamamayan sa kanilang LGU hinggil sa anumang insidente na may kaugnayan sa nakakamatay na sakit.

Paliwanag ni Coronacion, maglalaan ng natatanging text number ang isang LGU, kung saan maaaring ipaalam ng mga residente kung may nararanasan silang sintomas ng COVID-19, o may kilala silang nakakaramdam nito. Kukunin aniya ang mahahalagang impormasyon, tulad ng mobile number, tirahan at sintomas o impormasyon ng nag-text upang magamit sa validation at contract tracing.

"Iyong mga detalyeng ito ay maari namang magamit ng FASSSTER," ayon pa kay Coronacion. Aniya, ang FASSSTER ay isang web o mobile application na kumakalap ng mga datos upang makagawa ng pagtataya kung ang isang lugar ay maaring pagsimulan ng outbreak. "Noong ipakilala ang FASSSTER, para ito sa mga kaso ng dengue, typhoid fever at measles, subalit nakita ng DOST at Department of Health (DOH) na pwede rin itong gamitin ngayon sa COVID-19," pahayag ng direktor.

Sa kasalukuyan ay walang pang gumagamit ng Tanod COVID o FASSSTER sa alinmang LGU ng lalawigan, ngunit nabatid kay Coronacion na nakikipag-ugnayan na ang kanilang tanggapan sa mga ito upang maiprisinta ang makabagong sistema.

Ang Tanod COVID ay minsan nang binanggit ni DOST Secretary Fortunato De la Peña sa panayam sa kanya sa isang edisyon ng programang Laging Handa. **(VND/PIA Mimaropa)**




# GREAT WALL, BUMANDERANG TAPOS

Bumanderang tapos ang kabayong si Great Wall na sinakyan ng hineteng si Dunoy Raquel Jr. sa pambungad na takbuhan sa karerahan ng Santa Ana Park Naic, Cavite na sa halos buong distansiyang ng 1,600 meters ay nakapirmis para tumapos ng hugando at nakapagtala pa ng tiyempong 1:39.2 (26'-25'-23'-24) na marami pang ibubuga. Pumangalawa sa kanya ang sakay ni apprentice rider Paul Albert Refe na si Hiway One at pangatlo ang diremateng si Exhilarated ni Oneal Cortez. Sa sumunod na takbuhan ay nakabanderang tapos din ang dehadong si Tool Of Choice ni Rod Adona na kamuntik pang mametahan nung paborito sa lahat na si Fort McKinley ni Jerico Serrano kung hindi lamang sila napadpad ng malaki sa huling kurbada. Tumersera ang dehado rin na si Speak Easy ni Mark Alvarez. Nakatagpo na rin ng grupo ang kabayong si Minotaur na ginabayan ni Francis Tuazon matapos ang ilang beses na pagtakbo sa karerahan ng San Lazaro na kung saan ay tila hirap siya, kaya tandaan na mas lamang siyang manakbo sa Santa Ana Park na kanila talagang teritoryo. Sa karerang iyan ay nakita natin ang tila napaaga lang ng bitaw na si Mika's Jewel na nirendahan ni Mark Lanot. Sa sumunod na takbuhan ay nakabuo ng ayre ang liyamado sa lahat na si Smiling Lady na sinakyan ng hineteng si Jeff Zarate, dahil sa walang naging pressure sa unahan, pero kung sakaling may naghangad na bumulabog sa kanila sa harapan ay malamang na nakadehado ang kabayong si Sangat Island na sakay ni Sadam Pilapil. Samantala nakalusot naman ang hineteng si Mark Lanot sa kanyang sakay na si Bullet Fever matapos na nakaswak sa may tabing balya habang papaliko sa huling kurbadahan, kaya kahit ano pang lakas ng pagkayog nung sakay na sumegunda sa kanila na si Jesse Guce sa kabayong si June Eleven ay hindi na nagawa pang makalagpas.

# 'AYUDANG BATO' PINILAHAN NG MGA TULAK?

**DAMAY sa pagkakaaresto ang mga umano'y drug pusher na naghihintay ng 'ayudang bato' sa ikinasang buy bust operation ng pulisya sa Imus City, Cavite.**

Unang naaresto sina Rolando Herera, alyas Roland, 50; at Robert Dennis Gamat, 44; kapwa residente ng Imus City.

Sa ulat ni PSSgt Mark Joseph Jader, ng Imus City Police Station, dakong alas-6:30 ng gabi ay ikinasa ang buy bust operation ng mga operatiba ng Drug Enforcement Unit (DEU) ng Imus CPS at PDEA 4A sa Kalyehon, Brgy Malagasang 2-A ng naturang Lungsod.

Target ng operasyon sina Hererra at Gamat na nagresulta sa kanilang pagkakaaresto matapos silang nakipagtransaksiyon sa poseur buyer at nakuha sa pag-iingat nila ang tigisang sachet ng shabu at P300 buy bust money.

Nabatid na habang isinasagawa ang transaksiyon ay may mga tao sa lugar na mistulang nakapila at naghihintay.

Kinabibilangan ito nina Eduardo Herrera, 57; Ediel Baltazar Jr., 38; Robert Buhat, 30; Marvin Omer Tan , 37; Kevin Vergel, 30; Joseph Wilson Llarena, 46; Andres Lumuwas, 58; Nelson Cabisares, 38; at Leopoldo Alvarez, 44; pawang residente ng Imus City.

Lumilitaw na ang mga ito ay naghihintay at nakapila kay Herera upang kumuha umano ng droga na kanila namang ibebenta sa iba.

Nakuha sa kanila ang 13 sachet ng shabu kaya sa kabuuan kasama ang kina Herera at Gamat ay 15 sachet ang narekober o 15 gramo na may street value na P102,000.

Kasong paglabag sa Sec. 5, Sec 26 at Sec 11 Article 2 ng RA 9165 ang kinaharap ng mga suspek na pawang nakakulong sa Imus City Custodial Center. **GENE ADSUARA**



**KAHIT** umiiral ang Enhanced Community Quarantine marami pa rin ang matitigas ang ulo na gumagamit na bawal na gamot kagaya ng suspek na si Cristomo Maglasang na nakuhanan ng umano'y maliit na sachet ng shabu ng mga tauhan ng PCP-2 sa pamumuno ni P/Major Jolly C. Soriano sa isinagawang Oplan GALUGAD sa Barangay Tambo, Paranaque City. Ang arresting officer ay si Pcpl Adrian Cardona. **(JIMMY HAO)**




Office of Senator Risa Hontiveros turns over 1,300 'Himsog-Resistensiya' packs to Mr. Ronni Sab-a, punong barangay of Barangay Luz, Cebu City as part of "Protect Lolo't Lola" donation drive.

Each immunopack contains vitamins, milk, dental hygiene kits, and other necessities. "Kita na mismo ang mohatod og mga panginahanglan sa atoang mga senior citizens aron dili na sila mogawas sa ilang mga panimalay. atoang siguradohon nga luwas ug himsog sila." Hontiveros said.

"Protect Lolo't Lola" campaign, initially launched in the NCR and Bulacan Province, aims to deliver "immunopacks" directly to the homes of elderly Filipinos who are at most risk in the novel coronavirus disease (COVID-19) pandemic. **PR**



**HINDI PO ITO AYUDA NG SAP:** Ang nakikitang kumpol na pera ay kabilang sa mga narekober sa isinagawang buy-bust operation ng Manila Police District (MPD) Station Drug Eforcement Unit ng Police Station-5 nitong Mayo 5 na nagresulta sa pagkakaaresto sa tinaguriang drug queen ng Makati City na si Agatha Caray. Kasama rin sa nadakip ang tatlo pa nitong kasama na sina Mary Grace Caray, Abegail Calvez at Jovy Linares sa H. Santos Tejeros ng nasabing lunsod.

Sa naturang operasyon ay narekober din ang dalawang cellphone at humigit kumulang sa isang (1) kilong hinihinalang shabu na tinatayang aabot sa P1.4-M. **(JEROME AMOROSO)**

# Bilang ng namamatay na preso sa Cavite, 6 na

**NASAWI** ang isang 58-anyos na preso matapos na nakaranas ng hirap sa paghinga sa Bacoor City, Cavite, ang pang-anim sa bilang ng mga namamatay sa taon kasalukuyan.

Sa ulat ni Corporal Christian Jovita, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-5:30 Huwebes ng hapon nang nakaramdam ng hirap sa paghinga si Oscar Bolias, binata, ng Panay Gawaran Digman, Bacoor City, sa loob ng kulungan.

Agad na isinugod ang biktima sa Las Pinas District Hospital subalit dakong alas-2:45 ng madaling araw nang ideklarang patay.

Sinusulat ito ay sasailalaim ang biktima sa swabbing test para sa COVID 19 bilang Standard Operation Procedure (SOP) ng ospital.

Inaresto at nakulong si Bolias noong April 17, 2020 sa kasong Frustrated Murder at paglabag sa RA 10591.

Si Bolias ang pang-6 na bilang ng mga naitalang namatay na preso sa Cavite Custodial Center. **GENE ADSUARA**

# HANEP
*Basahin Mo Ito!*

## KALIBRE



ROMY SANTOS
0977-7844136

## HANEP 4th Birthday wish

**TAON 5 Blg. 1** ang labas o issue ng ating dyaryo. Mayo 11- 17, 2020.

Ibig sabihin ay sumapit na ang ikaapat na kaarawan o anibersaryo ng HANEP 'Basahin Mo Ito.'

Ang tulin talaga ng pagtakbo ng panahon na parang kailan lamang noong sinisimulan natin ang pahayagang ito.

Nang makumpleto ang mga kaukulang papeles o dokumento ay pumasok na ang HANEP sa sirkulasyon noong Mayo, 2016.

Tuluy-tuloy po, walang patid ang paglalathala ng HANEP na kaakibat ang patas sa larangan ng pamamahayag.

Kabuuang 52 issues o dyaro na ating nailabas sa loob ng bawat taon.

Ang 1st anniversary celebration (May 2017) ay naisagawa sa Aviles Restaurant Home of Original Bulalo sa Calamba City, Laguna.

Ang 2nd anniversary (May 2018) naman ay nairaos sa Tata Ver's KTV sa Tondo, Manila.

Ang 3rd anniversary (May 2019) ay ginanap sa Antonio's Place Private Pool and Event Venue sa 168 Ilang-Ilang St., Ligas 3, Bacoor City, Cavite.

Ang 4th anniversary (May 2020) dahil sa kasalukuyang nararanasang krisis ay walang nangyaring selebrasyon.

Hindi kailangang malungkot dahil walang selebrasyong naganap.

Masaya po ako dahil nakatuntong ang HANEP sa ikaapat na kaarawan.

Masaya ako dahil nariyan ang aking mga kasamahan na kaagapay sa dyaryo kaya naman labis ang pasasalamat ko sa kanila.

Sa inyong mga tumatangkilik ng HANEP, maraming salamat din po sa inyo.

Higit sa lahat ay ang aking taus-pusong pasasalamat sa Panginoon sa pagbibigay ng pahintulot sa pagdiretso ng ating pahayagan.

Sa pamamagitan ng aking panalangin at panangalig ay naniniwala akong magpapatuloy ang sirkulasyon ng HANEP, siyempre kaagapay ang aking mga kasamahan.

Dahil apat na taon na kami, ang 4th Birthday wish ng HANEP ay wakasan na sana ni Lord ang pananalasa ng covid-19 sa lahat ng panig ng bansa.

Natural, more birthdays to come din sa **HANEP.**